

Varayti ng Wikang Surigaonon: Isang Pagsusuri sa Ponemang /J/ at /Y/

Aisah B. Camar

Surigao del Sur State University

ABSTRAK

Layunin ng papel na ito na mailahad at maipakilala ang mga varayti ng wikang Surigaonon – ang Surigaonon-Cantilan at Surigaonon-Tandag. Batay sa layunin ay pinagsikapang matugonan ang mga sumusunod: Ano-ano ang mga sosyolingguwistikong varyabol sa malimit na paggamit ng ponemang /j/ at /y/ sa wikang Surigaonon? Ano-ano ang mga salitang Surigaonon-Cantilan na kinapapalooban ng ponemang /j/ na nagiging ponemang /y/ sa Surigaonon-Tandag? Ano-ano ang mga katangiang ponolohikal na nagaganap kapag ang ponemang /j/ sa Surigaonon-Cantilan ay nagiging ponemang /y/ sa Surigaonon-Tandag? Batay sa natuklasan, ang wikang Surigaonon ay isang multilinggwal na wika. Karamihan sa mga salitang Surigaonon-Cantilan na may ponemang /j/ ay nagiging /y/ sa Surigaonon-Tandag. Ilan sa mga katangiang ponolohikal ay ang: (1) ponemang /j/ ay isang glayd na kagaya ng /y/; (2) ang ponemang /j/ at /y/ ay matatagpuan sa anomang kaligiran at karamihan sa mga salita ay pandiwa; (3) batay sa pantig, ang mga ponemang /j/ at /y/ ay tumatabi sa mga patinig na /a/, /e/, /i/, /o/, /u/ sa loob ng pantig, at sa mga ponemang katinig naman na /d/, /g/, /k/, /n/, /ŋ/, /t/, /w/ na bagama't magkatabi sa loob ng salita, kapag pinantig ay nagkakahimalay; (4) ang mga salitang Surigaonon-Cantilan na may ponemang /j/ ay nagiging /d/, /l/, at /w/ sa Surigaonon-Tandag; at (5) ang Surigaonon-Cantilan ay gumagamit din ng ponemang /y/ na nagiging /l/ at /r/ sa Surigaonon-Tandag. Sa madaling sabi, ang varayti ng wikang Surigaonon na Surigaonon-Cantilan at Surigaonon-Tandag ay may “mutual intelligibility” o parehong gumagamit ng mga ponemang /d/, /l/, /w/, at /r/ maliban pa sa malimit na paggamit ng ponemang /j/ at /y/ dahilang upang ang mga taong gumagamit ng naturang varayti ng wikang Surigaonon ay magawang makipagkomunikasyon at maunawaan ang isa’t isa.

Mga Susing Salita: *Wikang Surigaonon, Cantilangnon, Tandaganon, Varayti ng Wika, Ponema*

INTRODUKSIYON

Ang bansang Pilipinas, bagama't kinikilala ang wikang Filipino bilang pambansang wika, ay hindi maipagkakaila na komplikado ang nasabing wika. Dahil sa pagkakaroon ng maraming katutubong wika na kinikilala ng bansa ay hindi maiiwasan ang ganitong suliranin. Gayunpaman, hindi ito isang negatibong suliranin bagkus ay maaaring tingnan bilang isang sitwasyong nagpapatunay na sadyang mayaman sa wikain ang bansang Pilipinas.

Ang pulo ng Mindanao, bagama't binubuo lámang ng anim na rehiyon, ay hindi nangangahulugang hindi mayaman sa mga katutubong wika. Kinikilala sa pulóng ito ang mga wikang Bisaya, Butuanon, Meranaw, Tausug, Chavacano, at marami pang iba. Sa bahaging Hilagang-Silangan ng Mindanao, ang higit na kilalang wika na ginagamit ng mga naninirahan doon ay ang wikang Surigaonon.

Ayon kina Dumanig at Jubilado, ang wikang Surigaonon ay sinasalita sa buong probinsiya ng Surigao del Norte at sa limang munisipalidad ng Surigao del Sur, ang Carrascal, Cantilan, Madrid, Carmen at Lanuza. Madaling makilala ang wikang Surigaonon dahil sa malimit na paggamit ng letrang *j* at *y*, kayâ naman ay tinatawag din ang wikang ito bilang wikang *jaon-jaon* o wikang *waya-wayá*. At dahil walang lipunang monolingwal at dulot na rin ng hangarin ng mga táong makipagkomunikasyon, makipagkapuwa-tao at makipagsapalaran ay nagkaroon ng varyasyon ang wikang Surigaonon na siyáng dahilan upang magkaroon ng varayti ng wikang Surigaonon, gaya ng Surigaonon-Cantilan at Surigaonon-Tandag na kilalang mga gamitíng wika sa probinsiya ng Surigao del Sur.

Masasabing kaunti pa lámang ang mga mananaliksik na nagsasagawa ng pag-aaral hinggil sa wikang Surigaonon. Ang pag-aaral na ito ay magsisilbing ambag túngo sa pagpapanatili at pagprepreserba ng wikang Surigaonon, gayundin ng mga varayti nito gaya ng Surigaonon-Cantilan at Surigaonon-Tandag. Makatutulong din ang pag-aaral na ito upang mas mapaunlad ang wikang Filipino, lalo na at bihira lámang sa mga katutubong wika sa Pilipinas ang gumagamit ng ponemang */j/*. Wika nga ni Dr. Jose P. Rizal, habang pinananatili at iniingatan natin ang ating sariling wika, napangangalagaan din natin ang kaligtasan ng kaniyang kalayaan tulad ng pagsasaisip niya sa sarili. Totoong napakahalaga ng pag-aaral ng wika sapagkat napangangalagaan din ito, at naipapakita na malaya ang isang lipunan dahil mayroon itong sariling wikang ginagamit, ang wika ng pagkakakilanlan.

Nakatuon ang pag-aaral na ito sa wikang Surigaonon na kasalukuyang sinasalita lalo na sa probinsiya ng Surigao del Sur partikular sa limang munisipalidad: ang Carrascal, Cantilan, Madrid, Carmen, Lanuza at siyudad ng Tandag. Binigyang-diin sa pag-aaral na ito ang sosyolingguwistikong varyasyon ng ponemang /j/ at /y/ sa lipunang Surigaonon o ang mga nakaimpluwensya kung bakit may mga ponemang /j/ at /y/ sa wikang Surigaonon at ang mga pagbabagong ponolohikal na nagaganap sa ponemang /j/ tungo sa /y/ na naging sanhi sa pagkakaroon ng varayti ng wikang Surigaonon, ang Surigaonon-Cantilan at Surigaonon-Tandag.

SULIRANIN NG PAG-AARAL

Pangunahing suliranin ng pag-aaral na ito ang deskriptibong pagsusuri sa mga ponemang /j/ at /y/ ng wikang Surigaonon ayon sa sosyolingguwistikong varyasyon at ponolohikal na katangian na sanhi ng pagkakaroon ng varayti ng wikang Surigaonon, ang Surigaonon-Cantilan at Surigaonon-Tandag. Upang masagot ito, sinikap na matugonan ang sumusunod na katanungan: (1) Ano-ano ang mga sosyolingguwistikong varyabol sa malimit na paggamit ng ponemang /j/ at /y/ sa wikang Surigaonon? (2) Ano-ano ang mga salitang Surigaonon-Cantilan na kinapapalooban ng ponemang /j/ na nagiging ponemang /y/ sa Surigaonon-Tandag batay sa kaligiran at bahagi ng pananalita? (3) Ano-ano ang mga katangiang ponolohikal na nagaganap kapag ang ponemang /j/ sa Surigaonon-Cantilan ay nagiging ponemang /y/ sa Surigaonon-Tandag? (4) Ano ang implikasyon ng pagkakaroon ng Surigaonon-Cantilan at Surigaonon-Tandag bilang mga varayti ng wikang Surigaonon sa lipunan?

LAYUNIN NG PAG-AARAL

Pinakalayunin ng pag-aaral na ito na mailahad at maipakilala ang varayti ng wikang Surigaonon, ang Surigaonon-Cantilan at Surigaonon-Tandag. Na ang mga Surigaonon ay may sariling wika ng pagkakakilanlan. Nilalayong matukoy ang mga sosyolingguwistikong varyabol sa malimit na paggamit ng ponemang /j/ at /y/ sa wikang Surigaonon, masuri ang mga katangiang ponolohikal kung bakit ang ponemang /j/ sa Surigaonon-Cantilan ay nagiging ponemang /y/ sa Surigaonon-Tandag, at mailahad ang mga implikasyong dulot ng pagkakaroon ng varayti ng wikang Surigaonon sa lipunan.

BATAYÁNG TEORETIKAL

Mahalaga ang tungkulin ng mga teorya sa isinagawang pagsusuri sa mga datos, kayâ sa pag-alam kung bakit malimit na gamitin sa wikang Surigaonon ang mga ponemang /j/ at /y/ ay pangunahing pinagbatayan ang teoryang sosyolingguwistiko. Ayon kay Constantino, ito ay batay sa pamamalagay na ang wika ay isang panlipunang penomenon, na nagiging makabuluhan ang anomang pahayag, aksiyon, o salita ng isang indibidwal kung ito ay nakakonteksto sa loob ng lipunan at itinatalastas sa ibang indibidwal o grupo (60).

Nakabubuo ng iba't ibang konteksto ang paggamit ng wika dahil sa iba't iba ring mga tao na may iba't ibang gawain, papel, interes, saloobin, at pananaw ang kasangkot sa proseso ng komunikasyon. Dito rin papasok ang katangian ng wika na pagiging *heterogenous* o may iba't ibang anyo, mapalingguwistiko, mapaokupasyonal o mapasosyal man ang mga anyong ito. Kabilang din sa mga dahilan ng pagkakaiba ng anyo ng wika ang lokasyong heograpiko, pandarayuhan, sosyo-ekonomiko, politikal, at edukasyonal na katangian ng isang partikular na lugar o komunidad na gumagamit ng naturang wika (Constantino 60).

Mahalaga kung gayon na ang bawat indibidwal ay magkaroon ng kakayâhang sosyolingguwistiko upang makaintindi sa mga sinasabi ng mga tao sa lugar na pupuntahan. Bilang isang táong may kakayâhang sosyolingguwistiko ay may kakayâhan kang pakisamahan ang iba't ibang uri ng táong makakasalamuha mo sapagkat sa pamamagitan nito ay maiintindihan mo kung ano-ano ang mga saloobin nila. Tumutugon ang ganitong sitwasyong pangwika sa teoryang akomodasyon (*accomodation theory*) ni Howard Giles, ang *linguistic convergence* at *linguistic divergence*. "Ang mga ito ay mga teorya sa SLA o *Second Language Acquisition* o pagkatuto/pag-aaral ng pangalawang wika. Nakapokus ito sa mga táong kasangkot sa sitwasyong pangwika. Ipinaliliwanag dito na sa inter-aksiyon ng mga tao, nagkakaroon ng tendensiya na gumaya o bumagay sa pagsasalita ng kausap para bigyang-halaga ang pakikiisa, pakikilahok, pakikipagpalagayang-loob, pakikisâma, o kayâ'y pagmamalaki sa pagiging kabilang sa grupo (*convergence*). Pero kung minsan, pilit namang iibahin ang pananalita sa kausap para ipakita o ipahayag ang pagiging iba o naiiba, ang di-pakikiisa. O kayâ'y ang lalong paggigiit sa sariling kakayâhan at identidad (*divergence*)" (Constantino 61-62).

Masasabing ang pagkakaroon ng varayti ng wikang Surigaonon ay kinasasangkutan ng pag-uugali sa paggamit o pagsasalita ng wika, na kinakailangang bumagay sa lugar o di kayâ ay sa kausap ang wikang gagamitin, sa layuning makabuo ng makabuluhang pakikipagkomunikasyon sa tao. Sa madaling sabi, nakikiangkop ang tao sa wikang ginagamit sa isang lugar gayundin sa táong kausap upang makamit ang pagkakaunawan. Bunga ng ganitong pag-uugali sa paggamit ng wika ay nagkakaroon ng varayti ang isang wika. Nagkakaroon ng *interference* o ang impluwensiya ng unang wika sa pagsasalita, at *interlanguage* naman na ayon sa paliwanag ni Constantino ay “isang mental grammar na nabubuo ng tao sa pagdating ng panahon sa proseso ng pagkatuto niya ng pangalawang wika. Dito binabago ng tagapagsalita ang grammar sa pamagitan ng pagdaragdag, pagbabawás, at pagbabago ng mga alintuntunin” (62).

Sa pagsusuri naman sa katangiang ponolohikal na nagaganap sa ponemang /j/ ng Surigaonon-Cantilan na nirerepresenta ng tunog na [IPA:dʒ] túngo sa pagiging ponemang /y/ o [IPA: j] nito sa Surigaonon-Tandag ay pangunahing pinagbatayan ang teoryang *descriptive structure*. Gámit ang teoryang ito ay deskriptibong sinuri ang mga salitang Surigaonon-Cantilan na kinapapalooban ng ponemang /j/ at ponemang /y/ ng Surigaonon-Tandag batay sa kaligiran at bahagi ng pananalitang kinabibilangan.

Bahagi pa rin ng paglalarawan sa tunog ay ang teorya nina Donegan at Stampe na *Natural Phonology*. Isa sa binibigyang-diin ng teoryang ito ay ang pagkakaroon ng asimilasyon sa tunog dahil sa pagkawala o humihina ang voys na impluwensya rin ng katabing tunog na voysles, kayâ maaaring magkaroon ng voysing at divoysing sa mga tunog (1-31). May pagkakahawig ang teoryang ito sa teoryang *Optimality* ni Smolensky. Batay rito, hindi lang ang katabing tunog ang binabagayan kung bakit nagkakaroon ng asimilasyon. Nangyayari rin na may tunog na bumabagay at binabagayan, tinatawag itong *vowel harmony* (159-216). Sa teoryang ito, maaaring maipakita ang prosesong nagaganap sa pagbabago ng /j/ tungo sa /y/.

Isa pang teorya ang pinagbatayan sa pagsusuri, ang teoryang *Distinctive Features* na unang ipinalaganap ni Jakobson. Ayon sa teoryang ito, ang pagsusuri sa mga tunog ng isang wika ay nagagawa sa paraan ng paglalahad ng mga natatanging katangian nito o mga *distinctive features*. Dagdag pa, kinikilala rin ang iláng distinksiyon o katangian ng mga tunog ng wika. Maaaring pagsamahin ang mga *feature* sa iba’t ibang paraan na tinatanggap sa wika. Ang mga kombinasyong ito ang bumubuo sa tinatawag na *code* ng mga tunog ng wika (678).

Ang mga nakalahad na teorya ang naging gabay ng mananaliksik sa pagtalakay at pagsusuri sa paksa, lalo na sa pagpapaliwanag kung bakit gamitin ang ponemang /j/ at /y/ sa wikang Surigaonon at kung ano-ano ang mga kadahilanan ng pagbabagong ponolohikal ng ponemang /j/ ng Surigaon-Cantilan tungo sa ponemang /y/ ng Surigaonon-Tandag.


BATAYÁNG KONSEPTUWAL

Nakatuon ang saliksik na ito sa varayti ng wikang Surigaonon na kilalá bílang Surigaonon-Cantilan at Surigaonon-Tandag. Naniniwala ang mananaliksik na may bakas heograpiko, etnograpiko at lingguwistiko ang paggamit ng ponemang /j/ at /y/ sa wikang Surigaonon. Gámit ang teoryang sosyolingguwistiko ay inalam ng mananaliksik kung sino-sino ang mga pangkat-etniko na unang nanirahan sa Surigao del Sur partikular sa limang munisipalidad nito na Carrascal, Cantilan, Madrid, Carmen, Lanuza, at Siyudad ng Tandag. Gayundin, kung ano-ano ang mga wikang kanilang ginagamit at kulturang kinagisnan na maaaring nakaimpluwensiya sa paggamit ng mga ponemang /j/ at /y/ sa wikang Surigaonon.

Sa pamamagitan din ng teoryang akomodasyon ay inalam ng mananaliksik kung ang paggamit ng ponemang /j/ at /y/ ay impluwensiya ng pakikipag-inter-aksiyon ng mga tao sa lipunan at pakikihalubilo sa iba o pakikipagkapuwa. Kaugnay nito ay tiningnan din ang mga sosyolingguwistikong varyabol.

Pagkatapos alamin ang mga kadahilanan sa paggamit ng mga ponemang /j/ at /y/ sa wikang Surigaonon ay sinuri naman ng mananaliksik ang mga katangiang ponolohikal ng ponemang /j/ sa Surigaonon-Cantilan na nagiging ponemang /y/ sa Surigaonon-Tandag. Gamit ang teoryang *descriptive structure*, *natural phonology*, *optimality* at *distinctive feature* ay inilalahad ang mga nakaimpluwensiya sa pagbabago ng ponema gaya ng kaligirang kinabibilangan kung ito ba ay nakaaapekto, mga katabíng tunog, at paraan at punto ng artikulasyon.

Maraming salik ang nakakaimpluwensiya kung bakit nagbabago ang tunog at ilan lámang ito sa sinuri ng mananaliksik upang matukoy kung bakit nagiging /j/ > /y/ na sanhi ng pagkakaroon ng varayti ng wikang Surigaonon. Gámit ang iskematikong dayagram ay inilalahad ang konsepto ng pag-aaral.



Figyur 1. Iskematik Dayagram ng Pag-aaral

Mapapansin na nakatuon ang pag-aaral sa wikang Surigaonon na ginagamit sa probinsiya ng Surigao del Sur partikular sa munisipalidad ng Carrascal, Cantilan, Madrid, Carmen, Lanuza at Siyudad ng Tandag, kung saan ang naturang wika ay nagkaroon ng varayti na tinatawag na Surigaonon-Cantilan at Surigaonon-Tandag. Naniniwala ang mananaliksik sa pagiging /j/ > /y/ o ang ponemang /j/ sa Surigaonon-Cantilan ay nagiging ponemang /y/ sa Surigaonon-Tandag.

Binibigyang-diin sa pag-aaral na ito ang mga ponemang /j/ at /y/ na malimit gamitin sa wikang Surigaonon, gayundin ang varyasyong dulot nito kayâ nagkaroon ng varayti ng wikang Surigaonon. Sa pagsulpot ng varayti ng wikang Surigaonon ay tinukoy kung ano ang implikasyon nito sa lipunang Surigaonon.

ANG WIKANG SURIGAONON AT ANG MGA PAG-AARAL TUNGKOL DITO

Sa tuwing nababanggit ang wikang Surigaonon ay piling lugar lámang ang nakakikilala, partikular sa Mindanao, subalit pagdating sa Visayas at Luzon ay bihira lámang ang nakaalam sa ganitong wika na umiiral sa hilagang bahagi ng Mindanao.

Sa pag-aaral ni Bautista, Jr. hinggil sa direksiyong historikal ng mga pananaliksik panggramar ng mga wikang Timog Bisaya, nabanggit niya na si Francisco Perlas Dumanig ang unang nagsagawa ng pananaliksik sa wikang Surigaonon. Isa siyang lingguwistang Pilipino na nagtuturo sa Unibersidad ng Malaya sa Kuala Lumpur, Malaysia (kasalukuyang Propesor sa University of Hawai'i at Hilo). Pinag-aralan niya ang tungkol sa deskriptibong pagsusuri sa wikang Surigaonon kung saan isa sa mga natuklasan niya hinggil sa ponolohiya ay ang pagkakaroon nito ng labimpitong (17) ponemang katinig, ang mga ponemang /b, d, g, h, j, k, l, m, n, ŋ, p, r, s, t, w, y, ?/ at /i, a, u,/ tatlong ponemang patinig na may limang tunog (7-31).

Sa pag-aaral ni Dumanig hinggil sa ponolohiya ng wikang Surigaonon ay nakalikha siya ng paraan at punto ng artikulasyon ng mga ponemang katinig na inadap niya sa *description of the manners of articulation of the Surigaonon consonants* nina Mata at Soriano (1998), at sa *description of the vowels* naman ni Trosdal (1992) niya inadap ang mga patinig (1-10). Tingnan ang figyur 2 at 3.

Manner of Articulation	Place of Articulation								
	bilabial		Lingua-dental		Lingua-alveolar	Lingua-palatal	Lingua-velar		Glottal
Stop	b	p	d	t			g	k	ʔ
Fricative					s			h	
Nasal		m	n				ŋ		
Lateral			l						
Affricate					j				
Flap			r						
Glide	w					y			

Figyur 2. Mga Ponemang Katinig ng Surigaonon (Dumanig, 2015)

Surigaonon Vowels	Front unrounded	Center unrounded	Back rounded
High	[ɪ]		[ʊ]
Mid	[i]		[u]
Low		[a]	

Figyur 3. Mga Ponemang Patinig ng Surigaonon (Dumanig, 2015)

Nagsagawa naman ng pag-aaral si Liwanag na pinamagatang *A Grammar Sketch of Surigaonon*. Gámit ang prinsipyo ng *headedness*, inilalarawan sa *sketch* na ito ang deskriptibong pagdalumat sa *clausal* na konstruksiyon sa Surigaonon, sa pamamagitan ng (1) pagsusuri sa imbentaryo ng tunog at ortograpiya, (2) pagtalakay sa verbal at di-verbal na predikasyon, at (3) paglalahad ng iba pang uri ng konstruksiyon – pangungusap na *compound* at *complex*, mga *imperative*, at mga *interrogative*. Hinalaw ang korpus mula sa *elicitation*, na vinalideyt ng mga taal na mananalita ng naturang wika. Ang awtor ay instruktur ng wika sa Departamento ng Humanidades,

Unibersidad ng Pilipinas Los Baños. Batid niya ang pangangailangang maidokumento ang mga wika sa Pilipinas na nananatiling kulang sa pagkilala, gaya ng Surigaonon.

Isa pang mananaliksik ay si Samarca na ang pinakalayunin ng kaniyang pag-aaral ay ang mailarawan ang estrukturang gramatikal ng wikang Cantilangnun (na sa pag-aaral ng mananaliksik ay Surigaonon-Cantilan, isang varayti ng wikang Surigaonon) sa Surigao del Sur. Lumabas sa kaniyang pag-aaral na may likás na katangiang estruktural at gramatikal ang wikang Cantilangnun sa Surigao del Sur: (1) may likás na mahahalagang tunog na nagpapayaman sa wikang Cantilangnun: 17 ponemang katinig na ginagamit sa mga salita, ang mga ponemang /p/, /b/, /t/, /d/, /k/, /g/, /s/, /h/, /m/, /n/, /ŋ/, /l/, /r/, /y/, /w/, /ʔ/ at /j/; 6 na ponemang patinig, ang mga ponemang /i/, /e/, /ə/, /a/, /o/ at /u/; 5 diptonggo, ang iw, aw, ay, oy at uy; at, 22 klaster, ang bl, br, by, dj, dr, dy, gr, gw, hy, kl, kr, kw, ky, ly, pl, pr, pw, py, sw, sy, tr at ty. Nagtataglay rin ang wikang Cantilangnun ng katangiang suprasegmental. May mga salitâng magkatulad ng baybay ngunit magkaiba ng kahulugan dahil sa pagkakaiba ng diin nito. Mayroon ding dalawang uri ng tono ang pagbigkas ng mga salitâng Cantilangnun. Sa bahaging morpema naman, taglay ng wikang Cantilangnun ang paglalapi, pag-uulit ng salita at pagtatambal, gayundin ang pagbabagong morpoponemiko. Sa paglalapi, natukoy na may 14 na panlaping makadiwa, ang me-, mo-, mag-, ming-, mang-, maka-, tag-, -an/han, -on/-hon, tag-...-an/-han, -e, e-, at -a. 8 ang mga panlaping makauri: ha-, ka-, ma-, maka-, -on/-hon, taga-, kena-...-an/-han at -er/ers. May 8 namang panlaping makangalan: ka-, pag-, pagka-, pang-, teg-, -an/ -han, - en-, at -en-...-an/-han. Napag-alaman din na may 5 mga pagbabagong morpoponemiko na nagpapayaman sa wikang Cantilangnun. May 2 uri ng pag-uulit: ganap at parsiyal, gayundin ang pagtatambal ay maaaring ganap o parsiyal. Totoong tinataglay ng wikang Cantilangnun ang iba't ibang bahagi ng pananalita at ito ay napag-uugnay sa pagbuo ng mga parirala at pangungusap. Mula sa mga natuklasan sa pag-aaral, masasabing tunay na wika ang wikang Cantilangnun dahil tinataglay nito ang mga katangian ng isang wika. Mayroong itong estruktura at gramatika.

Sa pag-aaral na ito ni Samarca ay nakalikha rin siya ng punto at paraan ng artikulasyon ng mga ponemang katinig at patinig ng wikang Cantilangnun. Tingnan ang figur 4 at 5.

Mga Ponemang Katinig ng Wikang Cantilangnun						
Paraan ng Artikulasyon	Punto ng Artikulasyon					
	Panlabi	Pangngipin	Panggilagid	Pangalangala		Glotal
				Palatal	Velar	
Pasara	p, b	t, d			k, g	
Pailong	m	n			ŋ	?
Pasutsot			s			h
Aprikatibo				j (dz)		
Pagilid			l			
Pakatal			r			
Malapatinig				y (j)	w	

Figyur 4. Mga Ponemang Katinig ng Wikang Cantilangnun (Samarca, 2016)

Ang mga Ponemang Patinig sa Wikang Cantilangnun			
	Harap	Sentral	Likod
Mataas	i	ə	u
Gitna	e		o
Mababa		a	

Figyur 5. Ang mga Ponemang Patinig sa Wikang Cantilangnun (Samarca, 2016)

Kung ihahalintulad ang punto at paraan ng artikulasyon ni Samarca kay Dumanig ay masasabing may pagkakaiba. Sa tsart ni Samarca ay naitalâ ang ponemang /j/ sa simbolong [IPA: dz] na palatal sa punto at aprikatibo naman sa paraan ng artikulasyon. May pagkakaiba rin sa bahagi ng patinig. Naniniwala din si Samarca na kakikitaan ng *pepet* na tunog ang wikang Cantilangnun kayâ naitala niya sa punto at paraan ng artikulasyon ang ponemang patinig ng wikang Cantilangnun na [ə].

Bagama't magkaiba ang mga nalikhang artikulasyon ng dalawang mananaliksik, naniniwala naman ang mananaliksik ng kasalukuyang pag-aaral na nangangailangan pa ng masusing pananaliksik sa ponolohiya ng wikang Surigaonon upang mabuo ang istandard na punto at paraan ng artikulasyon nito. Naniniwala rin ang mananaliksik na ang wikang Cantilangnun ay isang varayti ng wikang Surigaonon. Samakatuwid, nararapat lámang na ang pinagbabatayan o pagbabatayan na punto at paraan ng artikulasyon ay iisa.

Ang ponemang /j/ naman sa wikang Surigaonon ay itinuturing na makabuluhang tunog [dʒ] at dahilan upang makilala ang wika bilang wikang *jaon-jaon*. Kung ibabatay sa kasaysayan, sinasabing unang nanirahan sa probinsiya ng Surigao del Norte at Surigaon del Sur ang mga Manobo at Mamanwa na buhat sa mga karatig na bansa gaya ng Borneo, Indonesia, Malaysia at Vietnam, na sinundan ng mga pangkat ng Tausug na naniniwala sa relihiyong Islam. Sinasabing sa wikang Tausug nanggaling ang paggamit ng ponemang /j/ at /y/ o ang pagkakaroon nito sa wikang Surigaonon. Batay nga sa pag-aaral ni Dumanig, sinasabi niyang may pagkakatulad ang wikang Surigaonon sa wikang Tausug (1-10). Tingnan ang figur 6.

Wikang Tausug	Surigaonon-Cantilan	Surigaonon-Tandag	Wikang Filipino
uno	uno	uno	ano
kabe-i	kabe-i	kabe-i	kagabi
marayaw	marajaw	madayaw	mabuti
ngan	ngayan	ngan	ngalan
bay	bayay	bay	balay
yadto	jadto	yadto	andoon
yari	jari	yadi	andito
yaon	jaon	yaon	iyaniyon
sug	suyog	suwg	maagos
tao	tawo	tao	tao
duwm	duyom	duwm	gabi
kun-o	kun-o	kun-o	kailan
hain	haman	hain	saan
badjo	baro	bado	damit
ambaw	ambaw	ambaw	daga
panaw	panaw	panaw	lakad
tindog	tindog	tindog	tayo

Figur 6. Pagkakatulad ng wikang Tausug sa Surigaonon-Cantilan at Surigaonon-Tandag

Ang nakalahad na mga salita ay pagkokompara sa pagkakarapareho ng mga salitang Tausug sa wikang Surigaonon. Parehong may mga salita sa wikang Tausug na ginagamit sa wikang Surigaonon. May posibilidad na maaaring magkaunawaan ang isang Tausug at isang Surigaonon. Dagdag pa, nangangahulugan din ito na naimpluwensiyahan ang wikang Surigaonon ng wikang Tausug lalo pa't naging sentro ng kalakalan noon sa Mindanao ang Sulu habang sa Visayas ay ang Cebu.

Batay sa inilihad na mga kaugnay na literatura hinggil sa wikang Surigaonon, masasabing iilan lamang ang nagtangkang magsagawa ng pananaliksik sa naturang wika. Masasabing sinimulan ni Dumanig ang pananaliksik sa wikang Surigaonon na sinundan ng iilan lang din. Ang mga naisagawa nang pag-aaral sa wikang Surigaonon ay nakatuon sa deskriptibong pagsusuri ng gramatika o mga bahagi ng pananalita.

Wala pang nagsagawa ng pananaliksik sa varayti at varyasyon ng wikang Surigaonon na siyáng pokus ng pag-aaral na ito.

ILÁNG PAG-AARAL SA VARAYTI AT VARYASYON NG MGA WIKA SA PILIPINAS

Pangunahin nang katangian ng wika ang pagiging *heterogeneous* nito dahil upang umusbong ang pagkakaroon ng mga varayti nito. Gaya na lámang ng wikang Filipino, “isang *lingua franca* o wikang komon sa mga tagapagsalita ng iba’t ibang wika sa Pilipinas, makakabuo ng mga lingguwistikong varayti o varyasyon sa loob ng wikang ito dulot ng pagiging pangalawa at pangkalahatang wika nito at ng impluwensya ng mga unang wika” (Constantino 60).

Ang pag-aaral sa mga varayti ng wika ay isang pagpapatunay na ang wika ay buháy at dinamiko, na may gámit ito sa isang tiyak na lipunan, at sa pagpapaunlad ng wikang pambansa, sa kabila ng pagiging varayti nito. Inilahad ni Peregrino sa kaniyang pag-aaral hinggil sa ambag ng Waray sa pambansang *lingua franca*, na lahat ng wika sa Pilipinas ay may tunog na *i, a, u, p, t, k, ʔ, b, d, g, s, h, m, n, ng, l, w, y*, gayundin, 50% ng mga morpema ay pare-pareho, hindi nagkakalayo at magkakapareho ang sintaks, maging ang level ng semantiks. Kayâ hindi mahirap magsáma-sáma ang mga wika sa Pilipinas dahil sa unibersal na nukleus nito gaya ng wikang Waray. May kaniya-kaniyang katangian na maaaring pulutin at gamítin ang bawat wika para sa estandardisasyon. Pantay ang kakanyahan ng mga ito subalit hindi magkakapareho. Malaki ang papel at ambag ng Waray-waray sa usaping ito (114-118).

Sa pag-aaral sa wikang Filipino, sa impluwensya nito sa mga katutubong wika ay marami nang pananaliksik ang naisagawa gaya na lámang ng Chavacano-Filipino ni Semorlan. Aniya, naiimpluwensyahan ang Filipino-Chavacano, hindi lámang ng mga katutubong wika sa Pilipinas kundi maging ng wikang Ingles (137, 140). Ang Ilokano-Filipino naman ni Calinawagan ay nakapag-ambag ng ekspresyon sa Filipino: ang ‘*diak maawatan*’ (hindi ko maintindihan) at ‘*E, di suportahan taka*.’ Ngunit sa paggamit ng mga Ilokano ng wikang Filipino ay may mga estruktura at iba pang katangian ng wika na “parang kakaiba.” Nangangahulugan na nangingibabaw ang iláng katangian ng katutubong wika sa paggamit nila ng Filipino (74).

Maliban sa mga varayti ng wika na dulot ng wikang Filipino, mayroon ding nagaganap na varyasyon sa isang wika sa mga diyalekto nito na sinasalita sa loob ng mas maliit na pangkat. Gaya ng Tagalog na sinasalita sa Metro Manila.

“Ang mga diyalekto nito ay ang Tagalog-Batangas, Tagalog-Cavite, Tagalog-Nueva Ecija, Tagalog-Cavite, Tagalog-Bulacan, at Tagalog-Quezon. Sa kabila ng pagkakaiba sa tono, ilang mga bokabularyo at pagbubuo ng mga salita, may *‘mutual intelligibility’* o pagkakaunawaan sa pagitan ng dalawang nag-uusap gámit ang magkaibang diyalekto ng Tagalog” (Moran 71).

Ito rin ang sitwasyon ng wikang Mandaya, isa sa mga wika sa Mindanao na sinasalita sa munisipalidad ng Caraga, Manay, Baganga, at Cateel ng Probinsiyang Davao Oriental. Napag-alaman ni Pasion na may varyasyon ang wikang Mandaya sa apat na munisipalidad. Batay sa mga leksikon, may mga salitang magkakaiba ang anyo, may pagkakatulad at mayroon ding magkatulad na magkatulad subalit magkaiba sa paraan ng pagbigkas. Samantala, sa ponolohiya naman ay karaniwang nawawala ang tunog na [h] sa mga salitang makikita sa mga lugar ng Caraga at Manay kaysa sa mga salitang makikita sa mga lugar ng Baganga at Cateel. Samantala, kahit nananatili naman ang tunog na [a] (swa) at ponemang /l-/ (glide) sa Caraga at Manay, unti-unti itong nawawala sa Baganga at hindi na ito naririnig sa mga salitang Cateel. Dahil sa morpolohikal na varyasyon sa paggamit ng panlapi, hindi pare-pareho ang mga panlaping ginagamit sa apat na lugar. Maging ang pagbuo ng mga salita ay nakitaan ng pagkakaiba-iba. Sa pangkalahatan, dahil sa paktor na heograpikal, sikolohikal at sosyolohikal na nagaganap sa wikang Mandaya, hindi maiiwasang magkaroon ng varyasyon sa mga aspektong leksikal, ponolohikal at morpolohikal nito (36-48).

Ang mga nabanggit na mga pag-aaral ay nauugnay sa sitwasyong pangwika ng Surigaonon, ang pagkakaroon nito ng varayti. Sabi nga ni Peregrino, may pagkakapareho ang mga wika sa Pilipinas, at ang mga ito ay maaaring pulutin tungo sa estandardisasyon ng wika. Bagaman nakapokus ang pag-aaral sa katangiang ponolohikal ng ponemang /j/ at /y/ at sa mga sosyolingguwistikong varyabol ng pagiging /j/ > /y/ ay naniniwala ang manaliksik na may maiaambag din ang pag-aaral na ito sa pagpapaunlad ng wikang Filipino.

METODOLOHIYA

Ginamitan ng pamamaraang deskriptibo-kwalitatibo ang pag-aaral na ito sa pagtukoy kung bakit malimit gamitin ang mga ponemang /j/ at /y/ sa wikang Surigaonon dahilang upang makilála ito bilang wikang *jaon-jaon* at wikang *waya-way* gayundin sa pagsusuri sa katangiang ponolohikal kung bakit ang ponemang /j/ sa Surigaonon-Cantilan ay nagiging ponemang /y/ sa Surigaonon-Tandag. Ayon kina Bailey et al., ang pamaraang kwalitatibo ay naglalayong tukuyin ang mga isyu mula

sa pananaw ng mga respondente o kalahok, at maunawaan ang mga kahulugan, at interpretasyon na ibinigay nila sa kanilang mga kilos (111-112).

Sa paraan naman ng pangangalap ng datos ay ginamitan ang pag-aaral na ito ng indehinus o pangkatutubo na nangangahulugan ng pakikipagkapuwa ng mananaliksik sa kaniyang mga respondente upang ang daloy ng pangangalap ng mga salitang Surigaonon na may ponemang /j/ at /y/ ay nasa antas lámang ng pakikipagkuwentuhan (maging natural). Ginamitan din ito ng pagsasalin upang mas lalong maintindihan ang mga salitang Surigaonon.

Unang nagsagawa ng pangangalap ng datos ang mananaliksik sa munisipalidad ng Carrascal, Cantilan, Madrid, Carmen at Lanuza saká sa Siyudad ng Tandag kung saan ay inihanda muna ang gabay na talatanungan para sa pakikipanayam. Ang pagpili ng respondente ay bahagi ng pag-iikót ng mananaliksik sa mga naturang munisipalidad at siyudad na ginamitan ng *purposive sampling*.

RESULTA AT DISKUSYON NG PAG-AARAL

Ang listahan ng mga salitang Surigaonon-Cantilan ay nakahanay ayon sa kaligiran at bahagi ng pananalita. Tiningnan at sinuri ang mga katabing ponema ng /j/ na nirerepresenta ng tunog na [dʒ] at ponemang /y/ na nirerepresenta naman ng tunog na [j], gayundin ang punto at paraan ng artikulasyon ng mga katabing ponema. Gumamit ng simbolo o *legend* para sa payak na paglalahad: S-C o Surigaonon-Cantilan, S-T o Surigaonon-Tandag, WF o Wikang Filipino, /j/ > /y/ o ang ponemang /j/ ay nagiging /y/, at /y/ > /j/ o ang ponemang /j/ ay hindi nagiging /y/ o di kayâ ay may iba itong katumbas na ponema.

Talahanayan 1

Mga katabing ponemang patinig ng /j/ at /y/

Inisyal	Midyal	Pinal
<i>/a/</i>		
S-C: ja dto [dʒadto]	S-C: ba ja ran [badʒaran]	S-C: balig ja [baligdʒa]
S-T: y adto [jadto]	S-T: ba y aran [bajaran]	S-T: balig y a [baligja]
WF: nandoon	WF: bayaran	WF: paninda
S-C: ja m-id [dʒamʔid]	S-C: bi ja an [bidʒaʔan]	S-C: banta ja an [bantadʒan]
S-T: y am-id [jamʔid]	S-T: bi y aan [bijaʔan]	S-T: banta y an [bantajan]
WF: ismid	WF: iwanan	WF: bantayan
S-C: ja ngo [dʒaŋoʔ]	S-C: nabun ja gan [nabundʒagan]	S-C: ila ja [iladʒa]
S-T: y ango [janoʔ]	S-T: nabun y agan [nabunjagan]	S-T: ila y a [ilaja]
WF: tango	WF: nabinyagan	WF: probinsiya
S-C: ja on [dʒaʔon]	S-C: pak ja wa [pakdʒawa]	S-C: kaw ja an [kawadʒan]
S-T: y aon [jaʔon]	S-T: pak y awa [pakjawa]	S-T: kaw y an [kawajan]
WF: mayroon	WF: pakyawin	WF: kawayan
S-C: ja ri [dʒari]	S-C: tagba ja ran [tagbadʒaran]	S-C: komed ja [komedʒa]
S-T: y adi [jari]	S-T: tagba y aran [tagbajaran]	S-T: komed y a [komedja]
WF: andito	WF: binayaran	WF: biro

	Inisyal	Midyal	Pinal
/a/			
S-C: j aga [<i>dʒaga</i>]	S-C: tag bi jaan [<i>tagbidʒaʔan</i>]	S-C: musa j aw [<i>musadʒaw</i>]	
S-T: dy aga [<i>dʒaga</i>]	S-T: tag biy aan [<i>tagbijaʔan</i>]	S-T: musa y aw [<i>musajaw</i>]	
WF: dalaga	WF: iniwanan	WF: sasayaw	
/e/			
x	x	S-C: bab a je [<i>babadʒe</i>]	
		S-T: bab a y ^e [<i>babaje</i>]	
		WF: babae	
/i/			
x	x	S-C: banta i [<i>bantadʒi</i>]	
		S-T: banta y i [<i>bantaji</i>]	
		WF: bantayan	
x	x	S-C: sud l aji [<i>sudladʒi</i>]	
		S-T: sud l ay <i>i</i> [<i>sudlaji</i>]	
		WF: suklayan	
/o/			
S-C: j ohot [<i>dʒohot</i>]	S-C: nan j ohot [<i>nandʒohot</i>]	S-C: baliba j on [<i>balibadʒon</i>]	
S-T: tig aw [<i>tigaw</i>]	S-T: nan tig aw [<i>nantigaw</i>]	S-T: baliba y on [<i>balibajon</i>]	
WF: kutya	WF: nangutya	WF: dayap	
x	x	S-C: bita j on [<i>bitadʒon</i>]	
		S-T: bita y on [<i>bitajon</i>]	
		WF: bibitayin	
x	x	S-C: dapa j on [<i>dapadʒon</i>]	
		S-T: dapa y on [<i>dapajon</i>]	
		WF: sasapakin	
x	x	S-C: kaya j o [<i>kajadʒo</i>]	
		S-T: kala y o [<i>kalajo</i>]	
		WF: apoy	
x	x	S-C: mamin j o [<i>namindʒoʔ</i>]	
		S-T: mamin y o [<i>maminjoʔ</i>]	
		WF: mag-aasawa	
/u/			
S-C: lu j-a [<i>ludʒʔa</i>]	S-C: bag j uhon [<i>bagdʒuhon</i>]		
S-T: luy -a [<i>lujʔa</i>]	S-T: bag y uhon [<i>bagjuhon</i>]	x	
WF: luya	WF: babagyuhan		
x	S-C: la j uan [<i>ladʒuʔan</i>]		x
	S-T: la y uan [<i>lajuʔan</i>]		
	WF: nalalayuan		
x	S-C: min j uan [<i>mindʒuʔan</i>]		x
	S-T: min y uan [<i>minjuʔan</i>]		
	WF: pakakasalan		
x	S-C: pa j ungan [<i>padʒuŋan</i>]		x
	S-T: pa y ungan [<i>prajuŋan</i>]		
	WF: papayungan		
x	S-C: pi j ungi [<i>pidʒuŋi</i>]		x
	S-T: pi y ungi [<i>pijuŋi</i>]		
	WF: pipikitan		

Mapapansin na ang mga ponemang /j/ at /y/, kung nakabatay sa pantig ay tinatabihan lámang ng mga ponemang patinig na /a, e, i, o, at u/ na kadalasan ay nakasunod dahil kasáma sa loob ng pantig. Mayroon ding mga salita na ang mga katabíng patinig ay nasa unahan ng mga ponemang /j/ at /y/ gaya ng salitâng ‘S-C: *luj-a*’ > ‘S-T: *luy-a*’ na nangangahulugan sa Filipino na ‘luya’ at ‘S-C: *ngaj-an*’ > ‘S-T: *ngay-an*’ na nangangahulugan sa Filipino na ‘mamaya’. Mapapansin din ang katabíng ponemang katinig na /d/ sa salitâng ‘S-T: *dyaga*’ na sa ‘S-C: *jaga*’ na nangangahulugan

naman ng 'dalaga' sa Filipino, ang pagtatabi ng /d/ + /y/ = /dy/ ay maituturing na isang klaster ng Surigaonon-Tandag.

Sa mga ponemang patinig, malimit ang pagtatabi ng /a/ sa mga ponemang /j/ at /y/. Makikita ito sa mga kaligirang inisyal, midyal at pinal. Wala namang makikitang patinig na /e/ at /i/ sa kaligirang inisyal at midyal. Tanging sa pinal lámang ito makikita na tumatabi sa mga ponemang /j/ at /y/ gaya ng salitang 'S-C: *babaje*' > 'S-T: *babaye*' na nangangahulugang 'babae' sa Filipino at 'S-C: *bantaji*' > 'S-T: *bantayi*' na nangangahulugang 'bantayán' sa Filipino. Gayundin ang patinig na /u/, walang makikita sa kaligirang inisyal at pinal, matatagpuan lámang ito na tumatabi sa ponemang /j/ at /y/ sa kaligirang midyal gaya ng salitang 'S-C: *lajuan*' > 'S-T: *layuan*' na nangangahulugang 'nalalayuan' sa Filipino. Ito ay dahil sa paglilipat ng diin lalo na't nagkaroon ng paghuhulapi sa mga salita, dahilan upang magkaroon ng pagpapalit ng ponema kung saan ang patinig na /o/ ay nagiging /u/ batay na rin sa Ortograpiya ng Wikang Filipino. Sa patinig naman na /o/, may mga salitang Surigaonon-Cantilan na tumatabi sa ponemang /j/ sa kaligirang inisyal at midyal ngunit hindi sa Surigaonon-Tandag. Gaya ng salitang 'S-C: *johot*' na ang katumbas sa Surigaonon-Tandag ay '*tigaw*' na nangangahulugang '*kutya*' sa Filipino. Mapapansing hindi na matatagpuan sa Surigaonon-Tandag ang ponemang /y/ dahil sa ibang katawagan na maaaring impluwensiya ng wikang Cebuano o Bisaya. Ito rin ang kanilang ginagamit kung ang tutukuyin ay pangungutya. Subalit sa kaligirang pinal ay malimit itong tumatabi sa ponemang /j/ at /y/ gaya ng salitang 'S-C: *balibajon*' > 'S-T: *balibayon*' na nangangahulugang 'dayap' sa Filipino.

Sa madaling sabi, nangangahulugan na ang ponemang /j/ sa tunog na [dʒ] ng Surigaonon-Cantilan ay nagtataglay ng katangiang kagaya sa ponemang /y/ ng Surigaonon-Tandag. Ito ay ang pagiging glayd nito. Ayon kina Paz et al., "ang mga glayd ay nagpapakita ng mga katangian ng kapuwa mga konsonant at mga vawel. Ang isang glayd ay di-silabik na *segment* na mabilis na binibigkas o halos sumasáma at nagiging isa sa sinusundan o sumusunod na vawel. Tulad ng mga vawel, halos walang obstraksiyon ang daloy ng hangin sa bibig. Karaniwang may nauuna o sumusunod ditong vawel, mabilis na dumudulas ang dila patungo sa katabing vawel (25)." Dagdag pa, batay rin sa punto at paraan ng artikulasyon ay maaaring maipaliwanag ang pagiging /j/ > /y/ kung saan ang tunog [dʒ] ay alvyopalatal habang pangalangalatal naman ang tunog na [j]; magkalapit lámang ang dinidiitan ng ibabaw ng dila sa pagbigkas, dahilan upang maituring na mga ponemang malayang nagpapalitan ang /j/ at /y/.

Ang katangian ng tunog na [dz] batay sa naisagawang pag-aaral ni Samarca tungkol sa Wikang Cantilangnun ay “palatal o pangalangala ang tagpuan ng bigkasan ng artikulasyon ng ponemang /j/; dumidiit sa matigas na bahagi ng ngalangala ang ibabaw ng punong dila. Aprikatibo ang paraan ng artikulasyon nito.” Ayon pa sa kaniya, “inirerepresenta ng tunog na ito ang ponemang /j/ ng mga Cantilangnun. Likás ang ponemang ito sa wikang Cantilangnun dahil makikita ito sa mga salitang ginagamit ng mga Cantilangnun sa pakikipag-ugnayan. Sa ponemang ito madaling nakikilala ang mga Cantilangnun.”

Tunay nga, ang ponemang /j/ ay masasabing natatangi at nagsisilbing napakalaking ambag upang lalong mapaunlad ang wikang Filipino, kayâ nga kung minsan ay tinatawag ang wikang Surigaonon na wikang *jaon-jaon*. Batay sa paliwanag ni Samarca, ang ponemang /j/ ay aprikatibo na nangangahulugang may tunog, hindi kagaya ng ponemang /h/ na walang tunog o pasutsot, bagama’t hindi lámang sa palatal dumidiit ang ibabaw ng dila kapag binibigkas ang ponemang /j/. Kung titingnan o pagbabatayan ang punto at paraan ng artikulasyon ayon sa *International Phonetic Alphabet*, ang ponemang /j/ ay kumakatawan sa simbolong [dʒ] at hindi sa simbolong [j] na nangangahulugang ponemang /y/. Batay sa IPA, “ang ponemang /j/ ay *affricate* sa paraan ng artikulasyon at *post-alveolar* naman sa punto ng artikulasyon.” Nangangahulugan na hindi lámang sa palatal dumidiit ang ibabaw ng dila kapag binibigkas ang ponemang /j/ kundi nasa pagitan ito ng *alveolar* at *palatal* kayâ nakahanay ito sa *post-alveolar* sa punto ng artikulasyon. Ganoon din ang paliwanag nina Paz et al. hinggil sa ponemang /j/ na nirerepresenta ng tunog na [dʒ]. Batay sa kanilang Fonetik-chart ng mga konsonant sa Filipino, kabilang sa alvyopalatal (*alveopalatal*) ang punto ng artikulasyon nito, at afrikeyt o aprikatibo (*affricate*) naman ang paraan ng artikulasyon na may tunog o *voiced*. Tingnan ang sumusunod na figurur 6.

Mga Ponemang Katinig ng Wikang Surigaonon (Camar, 2018)							
Paraan ng Artikulasyon	Punto ng Artikulasyon						
	Panlabi	Pangngipin	Panggilagid	Alvyopalatal	Pangalangala		Glotal
					Palatal	Velar	
<i>Pasara</i> m.t	p	t				k	?
w.t	b	d				g	
<i>Pailong</i> m.t	m	n				ŋ	
<i>Pasutsot</i> w.t			s				h
<i>Aprikatibo</i> m.t				j [dʒ]			
<i>Pagilid</i> m.t			l				
<i>Pakatal</i> m.t			r				
<i>Malapatinig</i> m.t					y [j]	w	

Figurur 6. Mga Ponemang Katinig ng Wikang Surigaonon ni Camar (2018)

Sa paliwanag nina Paz et al. hinggil sa punto at paraan ng artikulasyon ng ponemang /j/, nabanggit na “ang punto ng artikulasyon ng ponemang /j/ ay nasa alvyopalatal na nangangahulugang nasa pagitan ng *alvyolar-rij* at ngalangala, ang eryang kasunod o pagkatapos ng *alvyolar-rij* na tinatawag na alvyopalatal. Kapag iniaakyat ang tip o di kayâ ang bleyd ng dila sa eryang ito, alvyopalatal ang tunog (19).”

Kung pagbabatayan ang mga nakalahad na impormasyon tungkol sa punto at paraan ng artikulasyon ng ponemang /j/ ay masasabing maaaring maging ponemang /y/ ang /j/ gaya ng pokus ng pag-aaral na ito. Ang pagiging /j/ > /y/ ay dahilan ng pagkakaroon ng varayti ng Wikang Surigaonon. Batay pa rin sa IPA, kung ang ponemang /j/ ay nakahanay sa pagitan ng *alveolar* at *palatal* o *post-palatal*, ang ponemang /y/ naman ay nakahanay sa *palatal* mismo o kapag binibigkas ito, ang ibabaw ng dila ay dumidiit sa *palatal*. Ayon pa kina Paz et al., “ang ngalangala ang pinakamataas na parte ng loob ng bibig. *Palatal* ang tunog kapag tumatama o lumalapit dito ang dila (19).”

Kumbaga, bukod sa katangian ng pagiging glayd ng mga ponemang /j/ at /y/ ay magkalapít lámang ang posisyon ng tip ng dila kapag binibigkas ang mga ito, dahilan upang ang ponemang /j/ sa Surigaonon-Cantilan ay maging /y/ sa Surigaonon-Tandag. Bunga nito, ang mga ponemang ito ay maituturing din na ponemang malayang nagpapalitan dahil kahit magkapalit ang mga ito ay hindi nababago ang kahulugan ng salita.

Batay rin sa teoryang *Distinctive Feature*, isa sa mga tuntuning ponolohikal ay ang “*alveolars become alveopalatals before a palatal glide which /y/ is or alveolars > alveopalatal/- palatal.*” Nangangahulugan na ang isang ponemang alvyolar ay nagiging alvyopalatal bago ang palatal glayd na /y/ o [j]. Sa madaling sabi, hindi maaari ang palatal glayd na /y/ > alvyopalatal > alvyolar. Kayâ sa pag-aaral na ito, tunay na nagiging /j/ > /y/ at hindi /y/ > /j/.

Isa pang patunay ay ang winika ni Mousa sa kaniyang pag-aaral na ang isang tunog ay maaaring mahalilian ng isa pang tunog na kasintunog niya na malapit ang posisyon ng dila sa loob ng bibig kapag binibigkas ang mga ito. Kung gayon, tunay na ang ponemang /j/ sa Surigaonon-Cantilan ay nagiging ponemang /y/ sa Surigaonon-Tandag dahil sa magkalapít lámang ang posisyon ng dila at kung ibabatay sa paraan ng artikulasyon ay kapuwa kakikitaan ang mga ito ng katangian ng pagiging glayd (238-249).

Mga katabíng ponemang katinig ng /j/ at /y/

Mga ponema	Surigaonon-Cantilan	Surigaonon-Tandag	Wikang Filipino
/d/	kome d jante [kome d ʒante] ba d jo [ba d ʒoʔ]	kome d yante [kome d jante] tu k tok [tu k ʔok]	palabiro noo
/g/	ba g jo [ba g ʒoʔ] ba l igja [ba l igʒa]	ba g yjo [ba g jo] ba l igya [ba l igja]	bagyo paninda
/k/	pa k jaw [pa k ʒaw] bu n jagan [bu n ʒagan]	pa k yaw [pa k jaw] bu n yagan [bu n jagan]	pakyaw binyagan
/n/	mi n juwan [mi n ʒuʔan] ha n gio [ha n ʒio]	mi n yuan [mi n juʔan] ha n gyo [ha n jo]	aasawahin tawad
/t/	pa t jon [pa t ʒon]	pa t yon [pa t jon]	papatayin
/w/	ta g hawjan [ta g hawʒan]	ta g kapuyan [ta g kapujan]	napagod

Ang mga katabíng ponema ng /j/ sa Surigaonon-Cantilan at /y/ sa Surigaonon-Tandag ay ang mga ponemang katinig na /d/, /g/, /k/, /n/, /ŋ/, /t/ at /w/. Tingnan ang mga ito batay sa pantig. Kung papantigin ang mga salita ay makikitang nakahiwalay ang mga ponemang katinig sa /j/ at /y/ gaya ng salitang ‘S-C: *patjon*’ > ‘S-T: *patyon*’ na nangangahulugang ‘papatayin’ sa Filipino. Bagama’t hindi magkasama sa loob ng pantig ay hindi nangangahulugan na hindi nito naiimpluwensiyahan ang pagiging /j/ > /y/.

Sa pagsusuri pa sa impluwensiya ng mga katabíng ponema ng /j/ at /y/ na /d/, /g/, /k/, /n/, /ŋ/, /t/ at /w/ ay sadyang katabí ito ng mga ponemang /j/ at /y/ dahil malápit o magkalapít lámang ang posisyon ng dila kung bibigkas ang mga tunog. Mapatutunayan ito batay sa punto at paraan ng artikulasyon kung saan nasa gilid lámang ng mga ponemang /j/ at /y/ ang mga ponemang /d/, /g/, /k/, /n/, /ŋ/, /t/ at /w/. Pangngipin ang mga ponemang /t/, /d/ at /n/ habang pangalangala-velar naman ang mga ponemang /k/, /g/, /w/ at /ŋ/. Sa gitna ng mga ponemang ito ay naroon ang mga ponemang /j/ at /y/ na siyáng pokus ng pag-aaral. At dahil nga sa may katangian ng pagiging glayd ang mga ponemang /j/ at /y/, gayundin ang pagiging ponemang malayang nagpapalitan ay masasabi na kung ano ang mga katabíng ponema ng /j/ sa Surigaonon-Cantilan ay siyáng katabí rin ng ponemang /y/ sa Surigaonon-Tandag.

Dagdag pa, bagama’t kabilang sa mga katinig ng wikang Surigaonon ang mga ponemang /p/, /b/, /m/, /r/, /s/ at /l/ ay hindi ito makikita na tumatabi sa mga ponemang /j/ at /y/. Ito ay dahil sa malayò ang posisyon ng dila kapag binibigkas ang mga ito sa posisyon ng dila sa pagbigkas ng mga tunog na [dʒ] at [j]. Panlabi ang mga ponemang /p/, /b/ at /m/ na masasabing malayò sa alvyopalatal. Bagama’t malápit lámang ang mga ponemang /r/, /s/, at /l/ ay masasabi pa ring iba ang posisyon ng dila sa pagbigkas lalo na’t pakatal ang [r], pagilid ang [l] at pasutsot naman ang [s] batay sa paraan ng artikulasyon, na hindi tumutugma sa mga tunog ng [dʒ] at [j], na may katangian ng pagiging glayd.

Hindi lahat ng ponemang /j/ sa Surigaonon-Cantilan ay nagiging /y/ sa Surigaonon-Tandag

Surigaonon-Cantilan	Surigaonon-Tandag	Wikang Filipino
/j/ > /d/		
jagan [<i>dʒagan</i>]	ḍagan [<i>dagan</i>]	takbo
jaganon [<i>dʒaganon</i>]	ḍaganon [<i>daganon</i>]	tatakbuhin
mujagan [<i>mudʒagan</i>]	mudagan [<i>mudagan</i>]	tatakbo
nagjagan [<i>nagdʒagan</i>]	nagḍagan [<i>nagdagan</i>]	tumatakbo
nijagan [<i>nidʒagan</i>]	nidagan [<i>nidagan</i>]	tumakbo
tagjagan [<i>tagdʒagan</i>]	tagḍagan [<i>tagdagan</i>]	tinakbo
/j/ > /l/		
habuji [<i>habudʒi</i>]	habuli [<i>habuli</i>]	kumutan
taghabujan [<i>taghabudʒan</i>]	taghabulan [<i>taghabulan</i>]	kinumutan
/j/ > /w/		
bunajan [<i>bunadʒan</i>]	bunawan [<i>bunawan</i>]	papaluin
tagbunajan [<i>tagbunadʒan</i>]	tagbunawan [<i>tagbunawan</i>]	napagod

Makikita na bukod sa pagiging /j/ > /y/, ang ponemang /j/ ng Surigaonon-Cantilan ay nagiging /d, l, at w/ sa Surigaonon-Tandag.

/j/ > /d/	/j/ > /l/	/j/ > /w/
S-C: jagan [<i>dʒagan</i>]	S-C: habuji [<i>habudʒi</i>]	S-C: bunajan [<i>bunadʒan</i>]
S-T: ḍagan [<i>dagan</i>]	S-T: habuli [<i>habuli</i>]	S-T: bunawan [<i>bunawan</i>]
WF: takbo	WF: kumutan	WF: papaluin

Ang ipinagkaiba lámang ng varayti ng wikang Surigaonon na Surigaonon-Cantilan at Surigaonon-Tandag ay ang pananatili ng ponemang /j/ sa Surigaonon-Cantilan. Ang naturang ponema ay hindi matatagpuan sa Surigaonon-Tandag, subalit ang ponemang /y/ sa Surigaonon-Tandag ay matatagpuan sa Surigaonon-Cantilan. Halimbawa ng salitâng Surigaonon-Cantilan na may ponemang /y/ at ang katumbas nito sa Surigaonon-Tandag:

/y/ > /r/	/y/ > /l/
S-C: waya [<i>wajaʔ</i>]	S-C: bayay [<i>bajaj</i>]
S-T: wara [<i>waraʔ</i>]	S-T: balay [<i>balaj</i>]
WF: wala	WF: bahay

Ang ponemang /r/ naman sa Surigaonon-Cantilan ay nagiging ponemang /d/ sa Surigaonon-Tandag gaya ng salitâng '*rajaw*' > '*ḍayaw*' na nangangahulugang maganda o mabuti sa wikang Filipino.

Pinatutunayan lámang nito na sa lipunang Surigaonon, sa wikang Surigaonon na may varayting Surigaonon-Cantilan at Surigaonon-Tandag, ay umiikot lámang ang paggamit sa mga ponemang /d/, /r/, /l/, /y/, /w/, maliban sa /j/ na sa Surigaonon-Cantilan lámang maririnig. Pinatutunayan lámang nito na mga varayti ng wikang Surigaonon ang Surigaonon-Cantilan at Surigaonon-Tandag.

Talahanayan 4

Mga salitang Surigaonon-Cantilan na may ibang katumbas sa Surigaonon-Tandag.

Surigaonon-Cantilan /j/	Surigaonon-Tandag /y/	Wikang Filipino
badjo [<i>baddʒoʔ</i>]	tuktok [<i>tuktok</i>]	noo
bujong [<i>budʒon</i>]	saba [<i>sabaʔ</i>]	ingay
bujungan [<i>budʒunan</i>]	sabaan [<i>sabaʔan</i>]	maingay
jaman [<i>dʒaman</i>]	lamas [<i>lamas</i>]	panakot
janay [<i>dʒanaj</i>]	kadali [<i>kadaliʔ</i>]	saglit
jobet [<i>dʒobet</i>]	tigaw [<i>tigaw</i>]	kutya
johot [<i>dʒohot</i>]	tigaw [<i>tigaw</i>]	kutya
johoton [<i>dʒohoton</i>]	tigawon [<i>tigawon</i>]	kukutyain
magbujong [<i>magbudʒon</i>]	magsaba [<i>magsabaʔ</i>]	mag-ingay
manjohot [<i>mandʒohot</i>]	mantigaw [<i>mantigaw</i>]	mangutya
nagbujong [<i>nagbudʒon</i>]	nagsaba [<i>nagsabaʔ</i>]	nag-ingay
nanjohot [<i>nandʒohot</i>]	nantigaw [<i>nantigaw</i>]	nangutya
pagbujong [<i>pagbudʒon</i>]	pagsaba [<i>pagsabaʔ</i>]	mag-ingay
tagjohot [<i>tagdʒohot</i>]	tagtigaw [<i>tagtigaw</i>]	kinutya

Inilalahad sa talahanayan 4 ang mga salitang Surigaonon-Cantilan na kinapalolooban ng ponemang /j/, mapa-inisyal, midyal o pinal man ang kaligirang kinabibilangan at ang katumbas ng mga ito sa Surigaonon-Tandag at wikang Filipino. Nangangahulugan itong magkapareho lámang ng kahulugan ang mga salitang nakalahad.

Dahil layunin ng pag-aaral na ito ang matukoy ang pagiging /j/ > /y/ ay walang kasiguraduhan na lahat ng salitang may ponemang /j/ sa Surigaonon-Cantilan ay nagiging ponemang /y/ sa Surigaonon-Tandag. Mapapansin ang mga salitang nakalahad sa talahanayan. Ipinapahiwatig lámang nito na hindi lahat ng salitang may ponemang /j/ ay nagiging /y/.

Kung papansinin ang mga katumbas ng salitang Surigaonon-Cantilan sa Surigaonon-Tandag ay hindi maipagkakailang walang bahid ng ponemang /y/ ang mga ito. Ang mga salitang Surigaonon-Tandag ay matatagpuan din sa wikang Bisaya o Cebuano, patunay lámang na ang lipunan, maging ang mga tao sa siyudad ng Tandag, ay naimpluwensiyahan ng wikang ito. Ayon pa nga kay Dumanig, ang wikang Surigaonon ay may pagkakatulad sa wikang Bisaya, Cebuano, Mandaya at Tausug. Bunsod nito, hindi maipagkakaila na maaaring gumamit o napasukan ng mga salitang Bisaya ang Surigaonon-Tandag gaya ng mga salitang '*hilak*', '*habol*', '*saba*' at '*tigaw*'.

Maraming dahilan kung bakit naiimpluwensiyahan ang isang wika. Una na rito ay ang paglalakbay, pangangalakal, pakikisalamuha sa iba, at pag-aasawa. Maging ang paglipat o migrasyon ng tao sa ibang lugar, at ang lokasyon mismo ng isang lugar ay salik din upang magkaroon ng varayti ang isang wika. Ito rin ang paliwanag ni Moran sa dahilan kung bakit nagkaroon ng lingguwistikong varayti ang mga wika.

Ito rin ang paliwanag ni Moran sa dahilan kung bakit nagkakaroon ng lingguwistikong varayti ang mga wika. “Una, ang heograpikong lokasyon ng mga *speech community* (mga lugar kung saan ginagamit ang mga partikular na wika) na maaaring nahihwalay ng isang anyong tubig o kabundukan; at pangalawa, ang *language boundary* dulot ng migrasyon o paglilipat ng komunidad sa ibang lugar marahil dala ng isang mapaminsalang kalamidad o giyera, o ang unti-unting pagsasáma ng dalawang dáting magkahiwalay na komunidad. Dahil dito, nagkakaroon ng iba’t ibang wika at nasasagkaan ang komunikasyon ng mga tao” (70).

KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Sa pag-aaral na ito, napatunayan na talagang nagiging /j/ > /y/ at hindi /y/ > /j/ sa wikang Surigaonon. Kung pagbabatayan naman ang pagpapantig, ang mga ponemang /j/ at /y/ ay tumatabi sa mga patinig na /a/, /e/, /i/, /o/, /u/ sa loob ng pantig. Sa mga ponemang katinig naman na /d/, /g/, /k/, /n/, /ŋ/, /t/, /w/, bagama’t maaaring magkatábi sa loob ng salita, makikitang magkahiwalay ang ponemang /j/ at /y/ kapag pinantig ang salita.

Gayundin, ang ponemang /j/ sa Surigaonon-Cantilan ay nananatili at wala o hindi matatagpuan sa Surigaonon-Tandag. Dagdag pa, umiiral o ginagamit din sa Surigaonon-Cantilan ang ponemang /y/ subalit hindi ito nagiging /y/ rin sa Surigaonon-Tandag kundi nagiging /l/ at /r/ sa iláng mga salita. Napatunayan din na hindi lahat ng salitáng Surigaonon-Cantilan na may ponemang /j/ ay nagiging ponemang /y/. Ang ilan ay nagiging /d/, /l/ at /w/ dahil ang ilan sa mga salitáng Surigaonon-Tandag ay hindi na kakikitaan ng mga naturang ponema bílang panumbas sa ponemang /j/. Ibig sabihin, may iláng salita sa Surigaonon-Cantilan na ang katumbas sa Surigaonon-Tandag ay mga salitáng hango sa Cebuano o Bisaya. Nagpapahiwatig lámang ito na isa sa mga dahilan ng pagkakaroon ng varyasyon ng isang wika ay ang impluwensiya ng ibang wika kasáma na ang bokabularyo o talasalitaan. Kabilang ito sa pagkakaroon ng lingguwistikong varyasyon, maliban pa sa pagkakaroon ng heograpiko at etnograpikong mga salik.

Sa pagtalunton din sa mga wikang nakaimpluwensya sa wikang Surigaonon lalo na sa dahilan ng malimit na paggamit ng mga ponemang /j/ at /y/ ay napatunayan na ang pangunahing nakaimpluwensya rito ay ang wikang Tausug sapagkat ang bayan noon ng Sulu kung saan matatagpuan ang pinakamaraming bílang ng mga Tausug ay naging sentro ng kalakalan sa Mindanao. Gayundin, ang Cebuano ay nakaimpluwensya rin sa paggamit ng ponemang /y/ dahil naging sentro noon ng kalakalan sa Visayas ang Cebu na Cebuano ang pangunahing wikang gámit.

Sa kabuoan, bagama't mga varayti ng wikang Surigaonon ang Surigaonon-Cantilan at Surigaonon-Tandag, at bunga ng ganitong varyasyon sa wika ay nagkaroon din ng kani-kaniyang pagkakakilanlan ang mga pamayanang nagsasalita ng nasabing mga varayti, ay hindi nangangahulugan na hindi nagkakaintindihan ang mga tao. Naroon pa rin ang pagkakaintindihan kapag nag-uusap ang dalawang táong gumagamit ng mga varayti ng wikang Surigaonon kahit na may iláng pagbabago o pagkakaiba sa mga ponemang ginagamit sa mga salita. Dahil ito sa tinatawag na "mutual intelligibility."

Batay sa kongklusyon ay inirerekomenda ng mananaliksik na magsagawa pa ng karagdagang mga pag-aaral tungkol sa wikang Surigaonon lalo na sa mga varayti nito na Surigaonon-Dinagat (Dinagaton) sa bandang Surigao del Norte at Surigaonon-Kamayo sa Surigao del Sur, bukod sa kilaláng Surigaonon-Cantilan (Cantilangnon) at Surigaonon-Tandag (Tandaganon). Maaaring sa paraang ito ay lalo pang makilála ang wikang Surigaonon at ang mga varayti nito, gayundin ay makapag-ambag sa pagpapaunlad ng wikang Filipino sa pamamagitan ng mga katutubong wika.

TALASANGGUNIAN

- Bailey, Ajay. et al. *Qualitative research method*. SAGE Publication, 2011.
- Bautista, Francisco. Jr. *Direksiyong historikal ng mga pag-aaral panggrammar ng mga wikang Timog Bisaya Kalakip ang Parsyal na Anotasyon ng Ilang Sulatin sa Gramatika mula 1960 hanggang 2015*. Daluyan: Journal ng Wikang Filipino 21, 2015, pp. 7-31.
- Calinawagan, Elizabeth. *Diak Maawatan: Unang Sulyap sa Ilokano Varayti ng Filipino*. Salindaw: Varayti at Baryasyon ng Filipino, Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng Pilipinas-Diliman, 2012, pp. 74-94.
- Constantino, Pamela. *Pluralidad tungo sa identidad: Ang varayti ng wikang Filipino sa pagbuo ng wika at kamalayang pambansa*. Salindaw: Varayti at Baryasyon ng Wikang Filipino, 2012.
- Donegan, Patricia at Stampe, David. *Hypothesis of Natural Phonology*. Poznań Studies in Contemporary Linguistics 45(1), 2009, pp. 1–31.
- Dumanig, Francisco at Jubilado, Rodney. *A descriptive analysis of Surigaonon*. Paper presented at the 16th Annual Meeting of the Southeast Asian Linguistics Society, Jakarta, Indonesia, 2006.
- Dumanig, Francisco. *Descriptive Analysis of the Surigaonon Language*. Polyglossia 27, 2015, pp.1-10.
- Jakobson, Roman. *Selected writings 1: phonological studies*. Monton & Co, 'S-Gravenhange, 1962, pp. 678.
- Liwanag, Mariyel Hiyas. *A grammar sketch of Surigaonon*. Department of Linguistics Library (CSSP), University of the Philippines Diliman, CN: LG 995 2015 L5 /L59, 2015.

- Moran, Donna Hope. *Linguwistiko at Heograpikong Varayti sa Pilipinas*. Salindaw: Varayti at Baryasyon ng Filipino, Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng Pilipinas-Diliman, 2012, pp. 69-73.
- Mousa, Ahmed. *Acquisition of the alveo-palatal fricative /ʒ/ in L2 English and Jamaican Creole: A comparative study*. *Open journal of modern linguistics*, Vol 5, 2015, pp. 238-249.
- Pasion, Raymund. *Yang Pagbul'lok-bul'lok: Varyasyon ng Wikang Mandaya sa Ilang Munisipalidad ng Davao Oriental*. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, Vol. 3, No. 2, 2015, pp. 36-48.
- Paz, Consuelo. et al. *Ang pag-aaral ng wika*. UP Press, 2003.
- Peregrino, Jovy. *Ambag ng Waray sa Pambansang Lingua Franca*. Salindaw: Varayti at Baryasyon ng Filipino, Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng Pilipinas-Diliman, 2012, pp. 114-119.
- Samarca, Annie. *Deskriptibong pag-aaral ng estrukturang gramatikal ng wikang Cantilangnun sa Surigao del Sur*. MSU-IIT, 2016.
- Semorlan, Teresita. *Chavacano Filipino: Varayti ng Filipino sa Siyudad ng Zamboanga*. Salindaw: Varayti at Baryasyon ng Filipino, Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng Pilipinas-Diliman, 2012, pp. 135-140.
- Smolensky, Paul. *Tensor product variable binding and the representation of symbolic structures in connectionist networks*. *Artificial Intelligence*, Vol 46, 1990, pp. 159-216.

TUNGKOL SA AWTOR

Si **AISAH B. CAMAR** ay guro sa Surigao del Sur State University-Cantilan Campus, Cantilan, Surigao del Sur. Kasalukuyan siyang kumukuha ng Doctor of Philosophy in Filipino sa Mindanao State University-Iligan Institute of Technology, Iligan City, Lanao del Norte. Kasalukuyan siyang nanunungkulan sa Sagip-Wika o Samahan ng mga Guro at Iba Pang Propesyonal sa Wika bilang Regional Director ng Rehiyon ng Caraga. Bukod sa pagtuturo ay nagsasaliksik rin siya ng mga wika at kultura sa Mindanao gaya ng sa Surigaonon at Blaen bilang ambag sa pagpapaunlad ng wika't panitikang Filipino. Nakapagbahagi na rin siya ng mga papel-pananaliksik sa internasyonal at nasyonal na kumperensiya. Ilan sa mga papel-pananaliksik niya ay ang: *Pagsusuring Pilolohikal sa mga Awiting Surigaonon: Paniniwala't Kultura ng Lahi; Pagsusuri sa mga Katawagang Kultural ng Wikang Blaen; Koleksyon, Klasipikasyon at mga Pagpapahalagang Napapaloob sa mga Kuwentong-bayan ng Surigaonon; at Varayti ng Sayaw-Ligaw ng mga Manobo sa Carrascal, Surigao del Sur.*